Multisystem Inflammatory Syndrome in Children (MIS-C)

(Sindroma ng Multisystem an Pamamaga sa mga Bata)

Ano ang multisystem inflammatory syndrome (sindroma ng multisystem na pamamaga) sa mga bata?

Multisystem inflammatory syndrome (sindroma ng multisystem na pamamaga) sa mga bata (MIS-C) ay isang kondisyon ng kalusugan na kaugnay sa COVID-19 na lumalabas sa mga bata. Ang sindroma ay dating tinatawag na pediatric multisystem inflammatory (multisystem na pamamaga ng bata) or PMIS.

Ang MIS-C ay katulad ng ibang seryosong kondisyon ng pamamaga tulad ng Kawasaki disease at ng sindroma ng toxic shock. Ang mga batang ma MIS-C ay maaaring magkaroon ng problema sa kanilang puso at sa iba pang mga organo at mangangailangan ng pangangalaga sa ospital.

And MIS-C ay isang bihirang kondisyon. Gayon pa man, dahil ang mga batang may ganitong sindroma ay maaaring maging malubha ang sakit, mahalaga na alam ng mga magulang ang mga senyales at sintomas na lumabas sa kanilang mga anak, para agad makakuha ng pagtulong.

Ano ang mga senyales at sintomas ng MIS-C?

Karamihan ng mga bata ay may lagnat (temperatura na 100.4 degrees F o 38.0 degrees C o mahigit pa) tumatagal ng ilang araw, kasama ng sintomas.

Kasama ang mga karaniwang sintomas:

- Palaging naiirita, walang gana
- Kakaibang sakit ng tiyan na di mapaliwanag
- Diarrhea/Pagtatate
- Pagsusuka
- Pagpantal ng balat
- Conjunctivitis (pula o pink na mata)
- Mahinang pakainin
- Mapula, biyak na mga labi, mabukol na dila na parang strawberry
- Manas an mga kamay at paa, at maari din namumula

Kailan dapat tawagan ang doktor o tumawag ng emerhensiyang pangangalaga?

Tumawag agad sa doktor ng bata kung ang lagnat ay patuloy at mayroong mga sintomas na nabanggit sa itaas. Tatanungin kayo ng doktor tungkol sa mga sintomas ng inyong anak at gagamitin ang impormasyon na inyo para mag irekomenda ang susunod na mga hakbang. Kung malubha ang sakit ng inyong anak, pumunta sa pinakamalapit na emergency room tumawag agad sa **911**.

Nakakahawa ba ang MIS-C ?

Ang MIS-C ay hindi nakakahawa, pero posibleng ang anak niyo ay mayroong COVID-19 o iba pang impeksyon na nakakahawa. Kaya ang ospital ay gagawa ng mga hakbang ng pagkontrola ng imepksyon para gamutin ang inyong anak.

Mayroon bang gamot ang MIS-C?

Sa ngayon, ang mga batang may MIS-C ay ginagagamot sa pamamagitan ng iba't ibang terapiya, kasama na ang mga gamot na na umasinta sa immune system (resistensya) ng katawan at ang paglaban sa pamamaga. Maaaring makatanggap ang mga bata ng iba pang mga gamot para maprotektahan ang kanilang, puso, bato, at iba pang mga organo.

Paano ko maiiwasan na mahawa ang anak ko ng MIS-C?

Kailangan kayong gumawa ng mga hakbang para maiwasan ng anak niyo na mahawa sa COVID-19. Mga pantakip sa mukha, pag-hugas ng kamay at ang physical distancing ang mga pinakamabisang paraan para makaiwas sa COVID-19. Ang mga batang nasa ilalim ng mga kondisyong medikal ay maaaring mailagay sa mataas na panganib para sa mahinang kalalabasan ng COVID-19, kaya't magiging mas mahalaga ang mga hakbang ng prebensyon.